01

# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## SA PAGLAGO KAY KRISTO



Ang pagtanggap kay Hesu-Kristo bilang personal na Panginoon at Tagapagligtas ay ang pinakamahalagang kapasiyahan sa buhay. Ang pagtanggap kay Jesu-Kristo sa pamamagian ng pananampalataya ang siyang nagbibigay panimula sa isang tunay na panibagong buhay. Kung paano nangangailangan ang buhay pisikal ng hangin, pagkain, pahinga at ehersisyo, gayon din naman, may mga pangangailangan ang buhay espirituwal para sa paglago nito.



**“Ang pinawalang sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay”**

**Galacia 3:11**

Mula nang tanggapin mo si Kristo, ikaw ay naging anak na ng Diyos. Dahil ikaw ay napabilang na sa pamilya ng Diyos ay tinanggap mo ang lahat na kailangan mo upang maranasan ang masaganang buhay Kristiyano o palagiang pagiging espirituwal. Ang paglagong espirituwal ay bunga ng pagtitiwala o pananampalataya kay Hesu-Kristo.

Ang pananampalataya mo sa Diyos ang siyang tutulong sa iyo na ipagkatiwala ang lahat ng detalye ng iyong buhay sa Diyos.

Eto ang Principles of Growth na pampalusog sa spiritual well-being natin:

1. PANALANGIN
2. PAG-AARAL NG BIBLIYA
3. PAGSUNOD SA DIYOS

# ANG PANALANGIN

Ang PANALANGIN ay ang pakikipag-usap sa Diyos at pakikinig sa Kanyang SALITA. Ang mga kabiguan sa pamumuhay Kristiyano ay kadalasang natutunton sa kakulangan natin sa pananalangin.




1. Paano maaaring makipag-usap ang tao sa Diyos?

2. Basahin ang **Filipos 4:6,7**
   a. Ano ang sinasabing dapat nating gawin?




**b.** Ano ang ating dapat hingin sa Diyos sa ating mga panalangin?

**c.** Kung ito ay ating magiging gawi, ano ang mararanasan natin ayon sa pangako ng Diyos?

Nakikipag-usap tayo sa Diyos sa pamamagitan ng PANANALANGIN gaya ng inilalarawan. Siya ay nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng Kanyang SALITA o BIBLIYA.

# PAG-AARAL NG BIBLIYA

Ang pagkaing pang-pisikal ay kinakailangan para sa buhay-pisikal. Kung ang isang tao ay di kakain, siya ay manghihina at maaaring magkasakit. Ito ay totoo sa espirituwal na buhay man. Ang Bibliya ay ating espirituwal na pagkain.




1. Paano nakikipag-usap ang Diyos sa tao?

2. Ano ang maitutulong sa atin, saan natin magagamit ang SALITA ng DIYOS sa ating pag-aaral ng Bibliya? **(2 Timoteo 3:16-17)**




1. Paano lalago ang pananampalataya?
   **(Roma 10:17)**

2. Gaano kadalas tayo magbabasa ng Bibliya?
   **(Acts 17:11)**


Sa ating pagbabasa ng Bibliya, (o SALITA ng DIYOS) nakikipag-usap sa atin ang Diyos. Gaya ng inilalarawan at habang tayo nama'y nananalangin, tayo ay nakikipag-usap sa Diyos. Kaya kinakailangang palagian tayong magbasa ng Bibliya at manalangin.

**Mahalagang basahin natin ang SALITA ng DIYOS araw-araw para magkaroon tayo ng lakas araw-araw.**



# PAGSUNOD

Ang susi sa patuloy na paglago sa pamumuhay Kristiyano ay ang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ang kaalaman tungkol sa kahalagahan ng pananalangin at pag-aaral ng Bibliya ay walang gaanong kabuluhan kung hindi natin maisasagawa sa ating buhay.




1. Basahin ang **Santiago 1:22**
   a. San-ayon sa talatang ito, sapat na bang basahin lamang ang SALITA ng DIYOS?

   b. Matapos nating basahin ang SALITA ng DIYOS, ano ang kina-kailangang gawin?

2. Paano natin mapatutunayan kay Hesus ang ating pag-ibig sa Kanya? **(Juan 14:12)**

# PAGTATAPOS

1. Ayon sa ating mga tinatalakay, ano sa palagay mo ang tatlong bagay na nais ng Diyos na gawin mo araw-araw?

2. Ngayong alam ko na na ang panalangin at pag-aaral ng Bibliya ay mahala-ga para sa aking espirituwal na paglago, sisikapin kong manalangin at magbasa ng Bibliya mula ______________ (oras) hanggang ______________ (oras) araw-araw.

3. Ano ang ibubunga ng ating pagtupad sa mga utos ni Kristo?
**(Juan 15:10)**

4. Saan magmumula ang ating kakayahang maisagawa ang kalooban ng Diyos?
**(Filipos 2:13)**

# MGA KASAGUTAN:

## PANALANGIN

1. Ang tao ay nakikipag-usap sa DIYOS sa pamamagitan ng panalangin.
2. a. Dapat tayong manalangin.
   b. Dapat tayong manalangin tungkol sa lahat ng bagay.
   c. Ipinangako ng Diyos na mararanasan natin ang Kanyang kapayapaan.

## PAG-AARAL NG BIBLIYA

1. Nakikipag-usap ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang SALITA, ANG BIBLIYA.
2. Ang pagbabasa ng Bibliya ay makapagtuturo sa atin, makapagtutuwid sa likong gawain, makapag-aakay sa matuwid na pamumuhay at maihahanda tayo sa lahat ng mabubuting Gawain.
3. Ang pananampalataya ay lumalago bilang bunga ng pagbabasa at pag-aaral ng SALITA ng DIYOS.
4. Dapat nating basahin ang Bibliya araw-araw.

## PAGSUNOD

1. a. Hindi sapat na basahin lamang ang Bibliya.
   b. Dapat nating sundin ang mga sinasabi sa Bibliya.
2. Mapatutunayan natin ang ating pag-ibig kay Hesus sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos.

## CONCLUSION

1. Manalangin, Basahin at pag-aralan ang Bibliya, Sumunod sa Diyos
2. Ang iyong napiling oras.
3. Tayo ay nananatili sa Kanyang pag-ibig kung ating tutuparin ang Kanyang mga utos.
4. Ang kakayahang maisagawa ang kalooban ng Diyos ay magmumula sa Diyos mismo.

A caring community passionate about
connecting people to Jesus Christ